
ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LI Blg. 8
Abril 21, 2020
www.cpp.ph




**EDITORYAL**

# Sinasamantala ni Duterte ang Covid-19 para ipataw ang pasistang diktadura

Sinasamantala ng rehimeng Duterte ang krisis ng pandemyang Covid-19 upang lalong palawakin ang kapangyarihang diktador at pahigpitin ang kapit nito sa poder. Matapos bigong pigilan ang pagkalat ng bayrus gamit ang militaristang *lockdown*, nagbabanta ito ngayong gagamit ng batas militar at ipakat ang mga sundalo para ipailalim ang bansa sa "*total lockdown*" sa ngalan ng "pagpataw ng kaayusan." Nagsisilbi ito sa nagpapatuloy na layunin ng rehimen na itatag ang isang pasistang diktadura.

Mahigit isang buwan na ang nakaraan nang unang ipinatanggap sa mamamayang Pilipino ang kwarantina at *lockdown* bilang hakbang para pabagalin ang pagkalat ng bayrus kapalit ang inaasahang maagap na mga hakbanging pangkalusugan at sosyo-ekonomiko. Subalit ang mga ito'y hindi ipinatupad nang maayos, sapat at matulin. Isang buwan mula nang ipataw ang *lockdown* sa Luzon at maraming bahagi ng Visayas at Mindanao, patuloy ang pagkalat ng Covid-19 sa bansa at paghawa sa paparaming tao. Milyun-milyong pamilya ang nagugutom, balisa at nangangamba sa hindi maayos na pamamalakad at pabagu-bago at padaskul-daskol na plano ni Duterte at kanyang walang-alam na mga heneral.

Bigo ang rehimen na ipatupad ang kinakailangang mga hakbangin para armasan ang pampublikong sistemang pangkalusugan na labanan ang pagkalat ng bayrus at bigyan ng ayudang sosyo-ekonomiko ang milyun-milyong pamilyang nagdusa sa *lockdown*. Bulagsak at burara ang plano ng mga ahensya ng gubyerno sa pagharap sa krisis.

Wala pa itong hakbang para sa sistematikong *mass screening* at *testing* sa populasyon, na pinakaimportanteng sangkap sa paglaban sa pandemya. Umaasa ito sa inisyatiba ng mga pribadong ospital, organisasyon at lokal na gubyerno. Hindi ito naglipat ng sapat na pondo para itayo ang bagong mga pasilidad, kumuha ng mga duktor at nars, magsanay ng mga manggagawang pangkulusugan at magtayo ng mga pabrika para magprodyus ng mga kagamitang pangkaligtasan at para sa *mass screening* at *testing*. Mga pulis at militar ang binigyan ng

prayoridad sa "hazard pay" sa halip na mga nars at duktor.

Matapos na maghambog na mayroon siyang pera, sinasabi ngayon ni Duterte na walang pera ang gubyerno bilang palusot sa burukratiko, magulo at tinitipid na pondong pang-ayuda sa mamamayan. Kulang ang ipinamamamahaging pondo. Pinakanagdurusa sa *lockdown* ang mga manggagawa at mala-proletaryo. Nagiging desperado na rin ang mga pamilyang may katamtamang kita dahil nauubusan na sila ng ipon. Dahil nauubos na ang tulong mula sa mga pribadong organisasyon, marami ang natutulak na suwayin ang mga paghihigpit sa hangaring kumita nang kahit papaano.

Ang tugon ng rehimen sa Covid-19 ay pinangungunahan ng mga upisyal militar, sa halip na eksperto sa kalusugan, kaya militarista ang pagharap sa krisis. Mabilis na dumarami ang nakapakat na mga pwersang militar sa National Capital Region. Ginagamit ng mga sundalo at pulis ang kapangyarihang batas militar para "ipataw ang kaayusan." Ilampung libo na ang inaresto at idinetine sa paglabag sa kwarantina.

Kahit sa gitna ng krisis pangkalusugan, nagpakat ang rehimen ng libu-libong mga sundalo sa kanayunan para paigtingin ang kontra-insurhensya at maglustay ng daan-daang milyong piso sa magastos na mga operasyong pangkombat, pambobomba, saywar at paggamit ng mga *drone*. Umiikot sa kanayunan ang kanyang mga sundalo na walang pag-iingat sa kalusugan, at isinasapeligro ang ngayo'y di pa nahahawang mga baryo. Tulad sa syudad, nagtsetsekpoynt sila sa mga pambansa at pamprubinsyang kalsada.

Kailangang kailangan ang mga reporma sa ekonomya pero pinili pa rin ng gubyernong panatilihin ang mga patakarang neoliberal na dahilan bakit kulang ang pondo sa kalusugan at mga serbisyong panlipunan. Nagtengang-kawali ito sa sigaw para isuspinde ang pagbabayad-utang, at sa halip ay nagpaplanong muling humiram, ilubog lalo ang bansa sa utang at kalauna'y maningil ng dagdag pang buwis.

Para palakasin ang kanyang paghaharing awtoritaryan at bigyang-matwid ang planong magpataw ng dagdag na malupit na hakbangin, sinisisi ng rehimeng Duterte ang mamamayan sa pagkalat ng sakit, pinupuntirya ang ilang "pasaway" para tuligsain ang lahat liban ang sarili nitong mga pagkakamali, kabiguan at kahinaan. Tahasan na ang pagsisinungaling ni Duterte, sa pagsasabing matagal na raw niyang nakita ang mangyayari kaya raw maaga niyang ipinataw ang *lockdown* para pigilang kumalat ang sakit.

Subalit alam na alam ng lahat na tumanggi ang gubyernong Duterte sa hinihingi ng bayan noon pang Enero at Pebrero na isara ang bansa sa China kung saan nagsimula ang bayrus. Huling-huli nang ipinataw sa Luzon ang *lockdown* na walang kaakibat na hakbangin para tukuyin at ikulong ang bayrus, at malala pa, walang sapat na suportang panlipunan para ayudahan ang malawak na masa sa panahon ng krisis.

Sinisindak ni Duterte ang bayan para paniwalain silang magagapi ang bayrus sa kanyang "sumunod lang kayo" na doktrinang diktador. Sinasamantala niya ang takot sa bayrus para paluhurin ang mga tao sa kanyang awtoridad, at lumpuhin sila sa utos na "magkulong sa bahay." Kung nawawala ang takot sa bayrus dahil sa desperasyong maghanapbuhay, magbabanta at gagamitin naman ni Duterte ang takot ng mga tao sa kanyang duguang rekord.

Dahil walang malawakang *screening*, *testing* at *contact tracing*, kahit pa may *lockdown* at mga tsekpoynt si Duterte, patuloy na kumakalat ang di natataluntong bayrus at ngayo'y nagbabantang lumaganap sa siksikang mga komunidad sa kalunsuran. Ligtas pa sa ngayon ang mga tao sa kanayunan, laluna sa mga liblib na komunidad, subalit maaari rin silang marami-


ANG Bayan

Tomo LI Blg. 8 | Abril 21, 2020

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwcnewsroom

@prwc_info

cppinformationbureau@gmail.com


## Nilalaman


**Editoryal:** Sinasamantala ni Duterte ang Covid-19 para ipataw ang pasistang diktadura 1
PKP, pinalawig ang tigil-putukan 4
Pambobomba sa gitna ng pandemya 5
Aktibong depensa sa Negros, Masbate 6
3 magsasaka, inaresto sa Masbate 6
Pagbabayad-utang, inuuna 6
Krisis ng mala-proletaryo 7
Kasinungalingan ng 8th ID 8
Protestang manggagawa 8
Kakarampot na pondo 9
Pag-iingat laban sa Covid-19 10
Pag-empleyo sa mga nars 10
Lider magsasaka, inaresto 11
Mga boluntir, residente, inaresto 11
Produksyon ng langis, kinaltasan 11
Sigalot dulot ng ekspansyon 12
Petisyon para sa mga bilanggo 12



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

hang mahawa kung di pa rin matitiktikan ng gubyerno ang bayrus.

Ang pagsuot ng *face mask*, ang paglalayu-layo, tamang paglilinis at sanitasyon ay mga kailangang hakbang para iwasan o pabagalin ang pagkalat ng bayrus. Subalit epektibo lamang na mapipigil ang pagkalat nito sa pamamagitan ng *mass screening* at *testing*, mahigpit na *contact tracing* o pagtalunton sa mga taong nagkaroon ng kontak sa nahawa at masugid na paghihiwalay at pagbubukod sa kanila. Sa ganoon lamang mapuputol ang kadena ng paghahawaan ng sakit.

Pinatutunayan ng karanasan ng South Korea, Vietnam, Venezuela, Cuba, Canada, Iceland at iba pang bansa na makokontrol o mapababagal ang pagkalat ng bayrus sa pamamagitan ng pagtiktik at paghihiwalay, kahit wala ang lubhang paghihigpit laban sa pagbyahe o pagtatrabaho, at lalo na, kahit wala ang lubhang mapanupil na paggamit ng militar at pulis para obligahing sumunod ang mga tao sa mga hakbanging pangkalusugan.

Mahigit 6,200 ang nahawa ng Covid-19 sa Pilipinas, kaya relatibong malala na ang inabot ng pagkalat nito sa bansa. Kaya kailangang-kailangan na ngayon na isagawa ang malawakang *screening* at *testing* at *contact tracing*. Kailangan nito ang pagpapakilos, pagsasanay at pagbibigay ng kagamitan sa puo-puong libong manggagawang pangkalusugan upang galugarin ang mga komunidad, pabrika, paaralan at iba pa. Dapat pakilusin at pakinggan ang siyentipikong komunidad upang isagawa sa paraang sistematiko at mabilis ang kampanyang ito. Dapat itatag ang makinaryang ito sa tulong ng mga lokal na gubyerno, mga organisasyong sibiko at relihiyoso at mga organisasyong masa. Dapat may bukas na konsultasyon at ang lahat ay dapat hikayating ubos-kayang gawin ang lahat para mahinto ang pagkalat ng bayrus.

Kapuri-puri na sinuway ng ilang mga upisyal ang utos ng mga heneral ni Duterte sa pagsasagawa ng malawakang *testing*, *contact tracing*, pagluluwag ng kwarantina at pamamahagi ng ayuda. Subalit mawawalan ng saysay ang mga ito kung hiwa-hiwalay ang kanilang pagsisikap. Dapat may inisyatiba sa ibaba, habang may pondo, tulak at koordinasyon mula sa itaas.

Sa madaling salita, upang talunin ang Covid-19, dapat payabungin, hindi patayin, ang demokrasya. Hindi malilipol ang Covid-19 ng anumang tiraniya ni Duterte. Taliwas dito, kung walang malawakang *testing* at *contact tracing* para taluntunin at ihiwalay ang mga nagdadala ng bayrus, ang paghihigpit sa *lockdown* at kwarantina ay mga bulag na hakbang na sa kadulu-duluha'y pawang mga pasistang mekanismo para supilin ang demokrasya.

Sa harap ng nagpapatuloy na kabiguan ng rehimeng Duterte na kontrolin ang pagkalat ng Covid-19, tungkulin ng sambayanang Pilipino na mas aktibong igiit sa gubyerno na isagawa ang *mass testing* at *contact tracing* at tutulan ang walang takdang pagpapalawig ng military *lockdown* at mga tsekpoynt na lumikha ng di na mabatang makataong krisis.

Kasabay nito, dapat nilang itulak ang kagyat at sapat na suportang panlipunan sa anyo ng pamamahagi ng pondo. Maaari nilang itulak ang gubyerno na maglaan ng sapat na pondo para bigyan ang bawat pamilya ng katumbas ng takdang minimum na arawang sahod. Hinihingi ng sambayanang Pilipino na managot si Duterte at kanyang mga busalsal na heneral sa bigong pagharap sa Covid-19. Kung di tugunan ang mga hinihingi ng bayan, lalong magagatungan ang kanilang sigaw para sa pagbibitiw ni Duterte o para sa kanyang pagpapatalsik sa pamamagitan ng direktang demokratikong aksyon ng mamamayan.

Sa gitna ng *lockdown*, mga kahirapang ekonomiko at kulang na suportang gubyerno, dapat ipagpatuloy ng mga organisasyong masa ang pagtutulungan sa kanilang mga komunidad, palakasin ang pagkakaisa ng mga tao upang sama-samang pangibabawan ang krisis sa kabuhayan at kalusugan. Maaari nilang ipagpatuloy ang sama-samang paghahanda ng pagkain, kolektibong pagbili ng suplay, kooperatibang tindahan, paggawa ng mga *face mask* para sa komunidad, at pagtipon ng rekurso sa pamamagitan ng donasyon at iba pang paraan. Dapat tukuyin nila at bigyan ng suporta ang mga nangangailangan ng dagdag na tulong tulad ng mga nakatatanda at may sakit, mga buntis, mga *single parent* at iba pa.

Dapat igiit ng mga unyon ng mga manggagawa na bayaran sila ng katumbas ng gastos nila sa buwan sa panahon ng *lockdown*. Dapat igiit ng mga manggagawa sa mga pabrika, restawran, mga tindahan, botika at iba pang empresa ang kaligtasan sa kanilang pinagtatrabahuan para proteksyunan sila laban sa Covid-19. Dapat igiit ng mga kontraktwal ang patuloy nilang pagtatrabaho at segurdad sa empleyo.

Dapat igiit ng mga manininda sa palengke, kabilang ang mga may-ari ng maliliit na tindahan, ang mas mababang upa sa kanilang mga pwesto. Dapat igiit ng mga magsasaka ang subsidyo ng estado para bilhin ang palay at iba pang produktong bukid para iligtas sila sa pagkalugi at upang di sumirit ang mga presyo. Dapat igiit ang mas malaking pondo para sa mga lokal na gubyerno upang makatugon sa mga kahilingan at pangangailangan ng kanilang mga sakop.

Tinatawagan ng Partido ang lahat ng komite nito sa mga syudad na patuloy na magpalakas at magkonsolida, at gabayan at pamunuan ang bayan at ang kanilang mga organisasyon sa pagharap sa krisis.

Sa kanayunan, tinatawagan ng Partido ang Bagong Hukbong Bayan na bigyang prayoridad ang pagresponde sa pangangailangang pangkalusugan at pang-ekonomya ng

*"Sinasamantala...," sundan sa pahina 4*

"Sinasamantala...," mula sa pahina 3

bayan. Ang pagpapalawig ng tigil-putukan bilang tugon sa panawagan ng United Nations para sa pandaigdigang tigil-putukan ay nagbibigay sa lahat ng yunit ng BHB ng oportunidad na palawakin ang naabot ng kanilang kampanya sa pampublikong kalusugan para tulungan ang masang magsasaka na pigilan ang pagkalat ng Covid-19 at paghandaan ang posibleng mga pagkahawa ng mga tao sa kanilang mga baryo. Dapat ituloy ang pagbibigay impormasyon, kasabay ng pagsasanay sa komunidad sa *screening*, paghahanda ng mga kinakailangang pasilidad at kagamitan para sa paghihiwalay at pag-alaga sa maysakit, at transportasyon para maghatid sa mga ospital sa syudad. Dagdag pa, dapat nilang tulungan ang masa na isulong ang mga pakikibakang antipyudal at para itaas ang produksyon sa harap ng nakaambang pagbulusok ng ekonomya.

Kasabay nito, dapat manatiling mataas ang alerto ng BHB sa harap ng pinaigting na mga operasyon ng AFP. Habang pinananatili ang mahigpit na paglilihim upang di matukoy ng kaaway, dapat handa silang makipaglaban sa mga pasistang pwersa na determinadong pigilan ang hukbong bayan na magbigay ng suporta at serbisyo sa bayan.

Dapat sikapin ng mamamayang Pilipino na wakasan ang pagkalumpong dulot ng ipinataw na *lockdown* ng rehimeng Duterte. Dapat hanapin nila ang mga paraan upang ihatid ang kanilang boses at sama-samang kumilos. Dapat nilang pangibabawan ang takot sa bayrus, at basagin din ang teror ng paghahanring batas militar ni Duterte. AB

Sa kabila ng malawakang operasyong kontra-insurhensya

# PKP, pinalawig ang tigil-putukan

Iniutos ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) noong Abril 15 sa lahat ng kumand at yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at ng milisyang bayan ang pagpapalawig ng unilateral na deklarasyon nito ng tigil-putukan hanggang Abril 30. Ito ay para matiyak ang "mabilis at walang sagabal na pag-abot sa lahat ng mamamayang nangangailangan ng kagyat na tulong, suporta at hakbang medikal, pangkalusugan at pangkabuhayan sa harap ng malubhang kagipitang pampubliko bunga ng kasalukuyang pandaigdigang pandemyang Covid-19."

Inianunsyo ang pagpapalawig sa kabila ng mga kahirapan at peligrong dulot ng patuloy na okupasyon at operasyon ng mga tropa ng Armed Forces of the Philippines at Philippine National Police sa kanayunan.

Kaugnay nito, sumulat ang National Democratic Front of the Philippines sa United Nations noong Abril 14 para ipaabot ang mga paglabag ng rehimeng Duterte sa tigil-putukan na idineklara nito noong Marso 16, at nagkabisa mula Marso 19 hanggang Abril 15.

Batay sa inisyal na mga ulat na natipon ng *Ang Bayan* mula Marso 16 hanggang Abril 14, nagsagawa ang militar at pulisya ng mga operasyong kontra-insurhensya sa 104 bayan at syudad, saklaw ang 219 barangay.

Nagresulta ang mga operasyong ito sa 14 na armadong engkwentro sa iba't ibang panig ng bansa. Labintatlo rito ay mga reyd laban sa pansamantalang kampuhan ng mga yunit ng BHB. Tigtatlo ang naitala sa Quezon Province, Bukidnon at Zamboanga at dalawa naman sa Davao.

Pinakahuling kaso ang reyd ng mga elemento ng 67th IB sa mga Pulang mandirigma sa Mahan-ub, Baganga, Davao Oriental noong Abril 11. Isang araw bago nito, nagkaroon din ng engkwentro sa Barangay Cabas-an, Aroroy, Masbate sa Bicol matapos tangkain ng isang platun ng 2nd IB at PNP na tugisin ang tim ng BHB na noo'y katatapos lamang maglunsad ng kampanyang edukasyon hinggil sa Covid-19.

Pinakamarami ang naitala sa mga barangay sa Quezon Province (29) sa Southern Tagalog, kasunod sa Bukidnon (27), at Negros Occidental (25). Sa Masbate, 24 na barangay ang sinaklaw ng mga operasyong kontra-insurhensya ng militar at pulis.

Kalakhan sa mga sundalong pumapasok sa mga komunidad sa kanayunan ay mga taga-labas at hindi nagsusuot ng *face mask*. Sa Abra, inireklamo ng mga residente na laging naiistorbo ang kanilang pagtulog dulot ng gabi-gabing pag-iikot ng mga tropang militar sa loob at palibot ng pitong barangay sa bayan ng Malicbong.

Noong huling linggo ng Marso, niransak ng mga elemento ng 24th at 69th IB ang tinutuluyan ng mga maliitang minero sa Barangay Guinguinabang, Lacub, Abra. Sinunog ang kanilang mga kagamitan sa pagmimina. Sinunog din ng mga sundalo ang malaking bahagi ng kagubatan sa pagitan ng mga bayan ng Lacub at Malicbong. Ninakaw at kinatay din mga sundalo ang alagang baka ng mga magsasaka.

Inireklamo naman ng mga residente sa Negros Zamboanga Misamis Occidental ang pagpapasimuno ng mga sundalo ng sabong at inuman.

Sa ulat na isinumite ng BHB-Southern Tagalog noong Abril 15, inilahad nito na umaabot na sa 157 barangay ang saklaw ng mga operasyong militar sa buong rehiyon. Sa Quezon pa lamang, umabot na sa 105 barangay ang saklaw ng mga operasyong kontra-insurhensya sa prubinsya. Samantala, hindi bababa sa 13 barangay ang inooperasyon ng AFP sa Palawan. AB

# Pananalasang militar sa Kabundukang Pantaron

Walang kinilalang pandemya at tigil-putukan ang 10th ID ng Armed Forces of the Philippines sa pasistang kampanya nito sa kabundukan ng Pantaron sa Mindanao. Mula Marso 24 hanggang Abril 1, naglunsad ng malawakang operasyong kombat ang dalawang batalyon nito (60th at 56th IB) sa magkanugnog na mga sityo at barangay ng Lumad sa hangganan ng Agusan del Sur, Bukidnon at Davao del Norte.

Noong Marso 24, bandang alas-6 ng umaga, inunahan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Bukidnon ang mga tropa ng 56th IB na pumasok sa kagubatan malapit sa Barangay Mandahikan sa Cabanglasan, Bukidnon para salakayin ang pansamantalang himpilan ng mga Pulang mandirigma. Marami ang namatay na mga sundalo dulot ng pinaputok na *command-detonated explosive* ng BHB. Sa galit ng militar, binomba ng 10th ID ang paligid ng barangay gamit ang FA-50 bandang alas-7 ng umaga. Apat na *rocket* at isang bomba ang pinakawalan ng *fighter jet*. Sinabayan ito ng ng apat na beses na pambobomba ng mga kanyon na nakapwesto sa Loreto, Agusan del Sur. Pagsapit ng alas-10:30 ng umaga, muling naunahan ng BHB ang yunit ng militar na sumaklolo sa unang grupo. Mula ala-una kinahapunan, nagsimulang umulan ang bala ng kanyon sa paligid ng mga komunidad. Bumagsak ang mga bomba nang 330-400 metro kalayo sa mga komunidad at nagdulot ng matinding takot sa mga bata.

Muling binomba ng AFP ang lugar noong Marso 27. Sa loob ng isang oras, nagpakawala ito ng apat na *rocket* at 10 bala ng kanyon. Nagdagdag ito ng anim pang kolum ng tropa na ihinatid ng mga helikopter. Tatlo pang *rocket* at tatlong bala ng kanyon ang pinakawalan.

Sinaklaw ng operasyong kombat ang Sityo Mindao, Barangay Manggaod at mga sityo ng Umayan at Magemon sa Barangay Mandahikan, Cabanglasan, Bukidnon; Sityo Tapayanon, Barangay Gupitan, Davao del Norte; at isa pang komunidad sa Loreto, Agusan del Sur.

**Higit isang-taong pagdurusa sa ilalim ng 10th ID**

Matagal nang militarisado ang bahaging ito ng Pantaron. Noong Marso 2019, pinalabas ng 60th IB ang komunidad ng Tapayanon bilang "bagong diskubreng tribu" na "hindi pa kailanman naabot ng gubyerno." Hindi bale nang ilang taon nang naglalabas-masok dito ang mga tropa ng 67th IB, at regular itong hinahalihaw ng grupong paramilitar na Alamara. Katunayan, pinatay ng Alamara ang datu ng sityo na si Lorendo Pocoan noong Pebrero 4, 2017.

Pinalabas ng 10th ID ang Tapayanon bilang "bagong diskubre" para gamitin itong "showcase" ng Regional Task Force-End Local Communist Armed Conflict. Sunud-sunod na pinuntahan ng mataaas na upisyal militar at myembro ng gabinete ni Duterte ang sityo para magpakuha ng litrato. Namudmod dito ng pagkain, pera at proyekto ang iba't ibang ahensya ng gubyerno, kapalit ng "pagsurender" ng mga residente at pagsalong ng kanilang mga gawang-bahay na armas.

Bago pasukin ang erya, binomba at kinanyon ng mga pwersa ng 10th ID ang magkakanugnog na sityo para tiyaking mamayani ang takot sa mga naninirahan dito. Sa ulat ng mga residente, umabot sa 10 bomba at di mabilang na bala ng kanyon ang ipinaulan dito sa panahong iyon. Pinasok ng 200 sundalo ang sityo at hinimpilan ang gitna ng kabahayan. Ilang pamilya ang nagbakwit dahil dito. Hanggang noong Enero, 35 pang pamilya (169 indibidwal) ang hindi pa nakababalik sa sityo at nananatili sa harap ng kapitolyo sa Malaybalay City. Dating bahagi ng Cabanglasan ang Tapayanon.

Mula noon, ipinailalim na ng 10th ID sa permanenteng *lockdown* ang sityo. Pinigilan ng mga sundalo ang 105 pamilyang nakatira rito (525 indibidwal) na lumabas sa lugar kahit para bumili ng kanilang mga pangangailangan. Pwersahang "pinasurender" ang buong komunidad, kahit ang mga bata na pinalabas nilang mga "batang mandirigma." Hindi pinayagang pumunta sa kanilang mga abakahan ang mga magsasaka, dahil "magsusumbong" lamang daw sila sa BHB. Pwersahan nilang pinapipila sa harap ng detatsment kada Sabado ang mga babaeng Lumad, may-asawa man o dalaga, para pagpilian at gahasain. Sa matagal nilang okupasyon ng sityo, maraming binuntis ang mga sundalo at maraming pamilya ang kanilang winasak. Pinaroronda nila ang mga lalaking Lumad at ginawang mga alipin sa kampo militar bilang tagakuha ng panggatong, taga-igib at gwardya sa gabi. Pinagsusuot nila ang mga ito ng unipormeng sundalo at pwersahang nirekrut sa CAFGU. AB



# Aktibong depensa ng BHB sa Negros at Masbate

Matagumpay na naipagtanggol ng isang yunit Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang sarili nang salakayin ito ng mga tropa ng 94th IB sa Kamuag, Barangay Carabalan, Himamaylan City noong Abril 19. Naganap ang engkwentro sa panahong nagsasagawa ang naturang yunit ng BHB ng kampanyang pangkalusugan laban sa Covid-19. Alerto ang mga Pulang mandirigma sa mga atake ng AFP sa gitna ng idineklarang pagpalawig ng Partido Komunista ng Pilipinas sa unilateral na tigil-putukan hanggang Abril 31. Tatlo sa umaatakeng mga sundalo ang napatay kabilang ang isang tinyente. Apat naman ang nasugatan sa 30-minutong engkwentro.

Pinabulaanan ng BHB-South Central Negros (Mt. Cansermon Command) ang pahayag ng 303rd IBde na "kumuha" ng *relief goods* ang mga Pulang mandirigma na nakalaan para sa mamamayan. Binatikos din nito ang paggamit ng 94th IB sa pamamahagi ng pondo ng Social Amelioration Program para bigyang katwiran ang mga operasyong kombat sa lugar.

Sa Masbate, tinangka ng mga pwersa ng 2nd IB at pulis na kubkubin ang isang yunit ng BHB sa Barangay Cabas-an, Aroroy noong Abril 10. Pabalik na sa kanilang pansamantalang himpilan ang mga Pulang mandirigma matapos magsagawa ng kampanyang impormasyon sa barangay nang salakayin sila ng mga sundalo. Isang sundalo ang namatay at siyam ang nasugatan sa kontra-panambang ng BHB. Bilang ganti, nang-aresto ng mga sibilyan ang mga sundalo at pinalabas silang mga myembro ng BHB.

Sa iba't ibang bahagi ng bansa, lalong umarangkada ang mga operasyong kombat ng militar at pulis sa pagtatapos ng unilateral na tigil-putukan ng rehimeng Duterte noong Abril 15. Sunud-sunod na pananalakay sa mga yunit ng BHB na nagsasagawa ng mga kampanyang pangkalusugan at iba pang kampanyang masa ang naiulat sa iba't ibang bahagi ng bansa. AB

## Tatlong magsasaka, inaresto sa Masbate

TATLONG MAGSASAKA ANG inaresto ng mga elemento ng 2nd IB at mga pulis sa Barangay Cabas-an, Aroroy, Masbate noong Abril 10. Dinakip sina Romnick Vargas, Juan Dikino at Alden Javier matapos na makasagupa ang isang tim ng mga Pulang mandirigma. Pinalabas ng mga pasistang tropa na mga kasapi sila ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Sa parehong araw, sinunog ng mga sundalo at pulis ang bahay ni Basyon Meralles. Sapilitan din nilang pinalayas sa barangay ang mga residenteng sina Jun Dikino at Marven “ Binoy” Grazil.

Pinamumunuan ni 2Lt. Jay Zachary Tunguia ang mga pang-aatake.

Sa tabing ng Retooled Community Support Program, patuloy na naglulunsad ng mga operasyong kontra-insurhensya ang militar at pulis sa mga bayan ng Aroroy, Mandaon, Claveria, San Pascual, Batuan, Monreal, San Fernando, San Jacinto at Cawayan sa Masbate. Saklaw ng mga operasyon ang hindi bababa sa 24 na barangay.

Sa isla ng Ticao, tinadtad ng bala ng mga sundalo ang katawan ni Kiko Garamay, 30, noong Marso 10. Ang biktima ay residente ng Barangay Rizal, Monreal. Kinabukasan, pinaslang ng mga pasista si Nongnong Hermosa, 50, residente ng Sityo Elawod, Barangay Macarthur sa parehong bayan. AB

## Pagbabayad-utang, inuuna kaysa kapakanan ng mamamayan

BINATIKOS NG PARTIDO Komunista ng Pilipinas (PKP) ang rehimeng Duterte sa pagtanggi nitong kanselahin ang pagbabayad-utang ng bansa sa mga imperyalistang institusyong pampinansya sa harap ng pandemyang Covid-19.

Pagmamatigas ni Department of Finance Sec. Sonny Dominguez, hindi man lang sumagi sa isip nila na gawin ito. Ito ay kahit pa palpak ang kanilang mga programa at walang inilalaan na sapat na ayuda para sa mamamayan. Ipinahayag niya ito matapos suspendihin ng International Monetary Fund ang pagbabayad-utang ng 25 bansang apektado ng pandemya.

Anang PKP, ang pusisyon ni Dominguez ay nagpapatunay sa kontra-mamamayang mga patakaran at prayoridad ng rehimen. Imbes na unahin ang pangangailangan at kapakanan ng mamamayan na ngayo'y sadlak sa krisis, mas inuuna ng rehimen na panatilihin ang mataas na tiwala ng mga institusyong nagpapautang nang sa gayo'y patuloy pa itong maka-utang sa hinaharap. Ngayong taon, naglaan ang rehimen ng P285.8 bilyon bilang pambayad sa mga dayong utang nito. Pinakamalaki rito ang mapupunta sa Asian Development Bank (P37.7 bilyon) at World Bank (P23.8 bilyon), at sa mga gubyerno ng Japan (P22.4 bilyon), China (P1.2 bilyon), at US (P950 milyon). AB

# Pagdurusa ng mala-proletaryo sa *lockdown*

*“Dalawa lang papatay sa amin: gutom o 'yung virus. Mauuna pa 'ata kaming mamatay sa gutom.”*

Lagpas isang buwan na mula unang ipatupad ni Rodrigo Duterte ang militaristang *lockdown* sa Luzon. Sa panahong ito, tuluy-tuloy na lumaki ang bilang ng mga kaso ng mga nagpositibo sa COVID-19. Noong Abril 20, umabot na sa 6,459 ang nahawa ng sakit, habang 428 na ang namatay dahil dito.

Bukod sa krisis pangkalusugan, pagkalam ng sikmura ang pangunahing idinadaing ng mamamayan sa ilalim ng *lockdown*. Nangako si Duterte na mamigay nang hanggang P8,000 sa 18 milyong pamilya sa ilalim ng Social Amelioration Program.


Isa sa mga sektor na pinakahirap sa *lockdown* ang mala-proletaryo sa kalunsuran. Sila ang nakatira sa siksikang mga lugar at nagdurusa sa kulang na mga serbisyong panlipunan.

Sila rin ang manggagawang walang permanenteng kabuhayan at walang tiyak na kita tulad ng mga manininda, drayber, barker sa dyip, labandera at iba pa. Tulad ng mga manggagawang "no work no pay," hindi nila tiyak kung paano nila maitatawid sa bawat araw ang kanilang pamilya gayong gipit ang kanilang kabuhayan. Sa ngayon, nakararaos lamang sila dahil sa malasakit at tulong ng mga indibidwal, grupo at institusyon.

**Emar, pintor**

Isang pintor ng bahay si Emar, 39 taong gulang, ng isang kumpanya sa konstruksyon sa Metro Manila. Nabubuhay si Emar sa sahod na P555 kada araw. Aniya, relatibong maayos at makatao ang kasalukuyan niyang kumpanya dahil nagbibigay ito ng subsidyo. Gayunpaman, hirap siyang pagkasyahin ito.

“Mahirap, mahirap pa rin kahit sa panahon ngayon. Iba yung kikitain mo sa alawans mo na natatanggap...[hindi napupunan] yung pangangailangan ko. Iba pa rin yung malaya akong makakapunta at makakapagtrabaho nang wala yung ganitong sakuna.”



Mula sa minimum na P555 kada araw ay P1000 na alawans na bigay ng kumpanya ang pinagkakasya ni Emar kada linggo. Hindi siya kasali sa mabibigyan ng ayuda mula sa estado, dahil wala siya sa listahan ng "pinakamahirap sa mahirap" ng Department of Social Work and Development.

Alinsunod sa unang mga alituntunin ng ahensya, hindi kasali sa bibigyan ng ayuda ang mga pamilyang may isang myembrong nagtatrabaho. Iisang pamilya rin lamang ang bibigyan bawat isang bubong, kahit pa 2-3 pamilya ang nakatira rito.

Ayon pa kay Emar: “Dapat sana maibigay [yung Social Amelioration Program] sa mga nangangailangan. Kasi ako, kahit may trabaho ako, kailangan ko rin 'yun. Sana hindi nila piliin. Kailangan kung anong sinabi, 'yun din ibigay nila sa tao. Kasi kung hindi ganito ang nangyayari, ba't naman namin kukunin 'yun, sila naman ang nag-*declare* 'nun. Kasi kung maayos ang panahon, di mo kailangan makipagtalo dyan sa P8,000, P5,000 na 'yan.”

**Joel, 35, drayber ng dyip**

Labis ding apektado ang kabuhayan ng drayber ng dyip na si Joel, 35 taong gulang. May asawa at tatlong anak si Joel. Ang bunso niya ay anim na buwan pa lamang. Sa kanyang 19 oras na pamamasada, kadalasang kumikita siya ng P2,000, bago ibawas ang P1,000 na bawnderi o upa niya sa opereytor o may-ari ng dyip.

Sa ilalim ng *lockdown*, walang kita si Joel dahil bawal bumyahe ang mga pampublikong sasakyan. Hindi rin siya makauwi sa pamilya niya sa Pampanga dahil sarado ang mga hangganan, wala siyang masakyan at wala rin siyang pamasahe. Natutulog na lamang siya sa nakagaraheng dyip ng kanyang opereytor. Dinadalhan siya ng kanyang opereytor ng pagkain araw-araw at nakakatanggap din siya ng tulong mula sa mga nagmamalasakit. Pero hindi nakasasapat ang mga ito dahil mayroon siyang pamilyang kailangang buhayin. Wala pa siyang natatanggap na ayuda mula sa lokal na gubyerno dahil hindi siya botante sa lugar. Aniya, “nakarehistro kami sa LTFRB pero wala pang binibigay na ID para malagay (ako) sa listahan ng mga benepisyaryo.”

Para makaiwas sa sakit, hindi lumalabas si Joel sa garahe at nananatili siya sa loob ng kanyang minamanehong dyip. Tanging *face mask* ang kanyang inaasahang proteksyon. Giit ni Joel kay Duterte: “Bigyan ng suporta ang mahihirap 'tsaka tiyakin ang kabuhayan sa panahon na may kumakalat na sakit.”

**Nasaan ang ayuda?**

Alinsunod sa ulat na ilabas ni Duterte noong Abril 20, nasa 4 na milyon pa lamang sa 18 milyong maralitang pamilya ang nabigyan ng subsidyo sa ilalim ng Social Amelioration Program. Mayorya (3.7 milyon) sa kanila ay dati nang nakatatanggap ng subsidyo sa ilalim ng programang 4Ps. Dahil sa magulo, pahirap at mabagal na proseso ng distribusyon, mahigit 600,000 (4.5%) pamilya pa lamang sa target na 13.5 milyong pamilyang hindi benepisyaryo ng 4Ps ang nakatatanggap ng ayuda. Halos hindi nagbago ang bilang na ito kumpara noong nakaraang linggo. Noong Abril 17, nasa 2.3% pa lamang sa tinatayang 5 milyong mala-manggagawa sa kalunsuran ang nabigyan ng ayuda. Ito ay habang nasa 9% (40,400) sa 435,000 drayber ang nabigyan ng subsidyo.

*"Krisis...," sundan sa pahina 8*

## Kasinungalingan ng 8th ID

Walang tigil ang paghahabi ng AFP ng gawa-gawang mga kwento para bigyang katwiran ang kampanyang kontra-insurhensya nito sa panahon ng pandemyang Covid. Isa sa pinakamalaking kasinungallingan nito ang pahayag ng 8th ID na "nang-agaw" ang mga Pulang mandirigma ng ayuda sa Sityo Bangon, Guinmaayohan sa Balangiga, Samar noong Abril 7.

Pinabulaanan mismo ng mga upisyal ng bayan ang kasinungalingang ito. Ayon sa ulat ng Eastern Samar News Service noong Abril 11, mismong mga upisyal kabilang ang meyor, upisyal na namahagi ng ayuda at maging ang hepe ng pulis ang nagsabing walang naganap na gayong insidente.

Sa kabila nito, ipinilit pa rin ng 8th ID ang kwento. Noong Abril 13, binraso nito ang lokal na gubyerno ng Balangiga ng resolusyon na nagkundena sa aksyon ng BHB. Gayunpaman, tumanggi ang mga upisyal dito sa ipinipilit ng militar na "namwersa" o "nagnakaw" ang mga Pulang mandirigma at sinabing "kumuha" lamang ang mga ito ng *relief goods*.

Samantala, ginagamit ng AFP bilang sangkalan sa kontra-insurhensya ang pamimigay ng ayuda. Sa Sorsogon, iginiit ng 31st IB na umookupa sa isang barangay sa Bulusan na sila ang mamahagi ng mga *relief goods* na nakalap ng mga upisyal ng barangay. Binalak ng mga sundalo na kunan ng litrato ang mga benepisyaryo at palabasing mga sundalo ang tumutulong. Tumanggi ang mga upisyal ng barangay na ibigay ang naipong ayuda at sa halip ay kinumpronta ang mga sundalo.

Kabaligtaran ang naganap sa Bukidnon. Sadyang hindi binigyan ng ayuda ang 25 barangay at komunidad ng Lumad sa Cabanglasan at San Fernando dahil itinuturing ang mga ito ng AFP na mga base ng BHB. Bago ang pandemya, ginamit ng NTF-ELCAC ang mga lugar na ito bilang "showcase" ng programang E-CLIP. Sa halip na ayuda, dagdag na paghihigpit ang ipinatupad ng mga sundalo sa lugar. AB

---

*"Krisis...," mula sa pahina 7*

Samantala, sinuspinde ng DOLE ang ayudang pinansyal nito sa mga manggagawa noong Abril 17 dahil naubos na diumano ang pondo. Sa 10.7 milyong manggagawa, 321,975 lang ang planong ayudahan ng DOLE, at 237,653 pa lang ang iniulat na nabigyan.

Lantad ang pagiging tuso at sinungaling ng rehimeng Duterte sa distribusyon ng pondo mula sa Social Amelioration Program. Sadyang pinahirapan nito ang mga maralita sa pamamagitan ng paghingi ng napakaraming rekisito. Imbis na pasimplehin ang proseso para sa mabilis at magaan na pamimigay ng pondo, ginigipit at sinisisi pa sila ng rehimen. Pang-aaresto at bantang pamamaslang ang sagot nito sa mga nagrereklamo.

Lampas 136,000 na ang sinita, pinarusahan o inaresto ng mga pulis dahil diumano sa paglabag sa mga alintuntunin ng kwarantina tulad ng *curfew*, iligal na “pagtitipon” at *social distancing*. Isang 68-anyos na lalaki ang binaril ng mga pulis sa isang tsekpoynt sa Agusan del Norte noong Abril 6 dahil sa pagsuway diumano nito sa *lockdown*

Kontra-mamamayan ang militaristang *lockdown*. Ito ay dahil walang nakalatag na proseso para sa mabilis at masaklaw na pamimigay ng ayuda, walang serbisyong medikal para sa lahat, at walang *mass testing*. Dahil din sa mga kundisyong si Duterte mismo ang lumilikha ng dagdag na kagipitan, hindi malayong babangon mga mala-manggagawa tulad nina Emar at Joel para patalsikin siya sa pwesto. AB

---

### Protestang manggagawa para sa sahod, katiyakan at proteksyon

LUMALAGANAP SA iba't ibang bahagi ng mundo ang protesta ng mga manggagawa para sa dagdag na sahod, katiyakan sa trabaho at proteksyon sa kanilang mga lugar ng paggawa. Ito ay sa gitna ng mga balita ng pagkalat ng Covid-19 sa mga pagawaan at negosyo na nananatiling bukas kahit nananalasa ang pandemya.

Sa US, nagprotesta ang mga manggagawa ng Amazon, Wholefoods at Instacart noong Marso para igiit na bigyan sila ng makatarungang sahod, dagdag na *hazard pay* at *personal protection equipment*. Pangunahing negosyo ng Amazon at Instacart ang pagbebenta at deliberi ng mga suplay diretso sa tahanan o upisina ng mga mamimili. Tumatabo ang mga ito ng bilyun-bilyon ngayong nakapailalim sa kwarantina ang sangkatlo ng mamamayan sa mundo. Ang Wholefoods ay isang malaking tindahan ng pagkain na pag-aari rin ng Amazon. Lahat sila ay klasipikadong "esensyal" na negosyo at pinayagang manatiling bukas sa panahon ng pandemya. Libu-libo pang ibang manggagawang Amerikano ang nagsasagawa ng sama-samang mga pagkilos para igiit na bigyan sila ng angkop na proteksyon matapos maisapubliko na marami nang mga mangagagawa ang namatay dahil sa Covid-19.

Nagkaroon din ng pagkilos sa bodega ng Amazon sa Italy at mga kumpanyang US sa Mexico. Sa Brazil, nagwelga ang mga duktor at nars para hilingin ang angkop na gamit pamproteksyon. Ito rin ang giit ng nagpuprotestang mga manggagawa sa India, Burma at Australia. AB

# Kakarampot na pondo, paghihigpit sa sektor ng magsasaka

Hindi bababa sa 26 na prubinsya sa Visayas at Mindanao ang nagdeklara ng kani-kanilang *lockdown* kasabay ng ipinataw sa Luzon ng rehimeng Duterte. Ipinagbawal sa mga lugar na ito ang pagbyahe ng mga tao at produkto na nagresulta sa pagkaparalisa sa komersyo at kalakalan. Itinigil din nito ang pagsasaka at produksyon sa kanayunan. Dahil marami sa mga nag-*lockdown* ay mga sentro ng komersyo at kalakalan ng mga rehiyon at prubinsya, apektado maging ang mga lugar na hindi nagdeklara ng *lockdown*.

Milyun-milyong magsasaka at manggagawang-bukid ang nawalan ng kita dahil sa mga *lockdown*.

Umaabot na sa 700,000 manggagawa sa mga asukarera at 75,241 manggagawang bukid sa tubuhan ang walang kita dahil sa pagsasara ng mga pabrika at asyenda. Kabilang dito ang Sugar Milling Corporation at Crystal Sugar Company, Inc. sa Bukidnon na ipinasara ng lokal na pamahalaan mula Marso 27 hanggang Abril 26. Apektado nito ang 10,000 manggagawa at 10,000 nagtatrabaho sa maliliit na tubuhan. Libu-libo ring manggagawang bukid sa Negros ang dumaranas ng maagang Tiempo Muerto nang tumigil ang mga operasyon ng mga tubuhan at asukarera rito. Sa kabila nito, nasa 6% lamang sa mga mangagawang-bukid sa tubuhan ang mabibigyan ng ayuda ng rehimen.

Kakarampot lamang sa iniaalok ng Department of Agriculture (DA) na ayuda ang nakararating sa kanila. Kahit ang pautang nito ay limitado sa 300,000 o 3.7% lamang ng kabuuang bilang ng magsasaka at mangingisda.

**Binarat na ayuda**

Ayon sa Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP), umabot sa P62.69 bilyon ang badyet ng ahensya para sa taong 2020. Sa kabuuan mayroon itong P93 bilyon kung isasama ang P31-bilyong pondo na hinihingi ng DA noong Marso 25. Barya lamang ang direktang matatanggap ng mga magsasaka mula rito. Halos 90% ng badyet ay *lumpsum* at nakalaan sa mga proyektong walang agarang epekto sa gutom at luging magsasaka. Sa ulat ni Duterte noong April 20, 52,000 pa lamang sa target nitong 591,246 milyong magsasaka sa palayan ang nakatatanggap ng subsidyo sa P3 bilyong pondo ng Social Amelioration Program. Walang inilatag na proseso ang ahensya kung paano makukuha ng mga benepisyaryo ang nararapat sa kanila na ayuda.

Ayon pa sa DA, may 300,000 ding mahihirap na magsasakang nakatanggap ng tig-P5,000 sa ilalim ng Rice Farmers Financial Assistance Program na pinangangasiwaan ng Landbank. Pero kahit pa pagsama-samahin ang mga benepisyaryo, malayo pa rin ito sa pangkabuuang 9.7 milyong magsasaka, manggagawang bukid at mangingisdang nangangailangan ng kagyat na tulong.

Batbat ng korapsyon ang pamamahagi ng ayuda. Naglipana ang mga reklamo sa animo'y arbitraryong pamimigay at masalimuot at nakababagot na proseso. Sa isang bayan sa Camarines Sur, binawasan nang P1,400 ang P5,000 ayuda ng mga *senior citizen* dahil naipambili na diumano ito ng mga gamot, bigas at sardinas na hindi naman nila natanggap.


Hindi na rin bibigyan ng ayuda ang mga nakatatanda na may mga anak na nagtatrabaho o kung kasama nila ang kanilang mga anak na nagtatrabaho, kahit pa ang mga anak nila ay wala ring hanapbuhay. Pati ang mga nagtatrabaho sa mga *grocery*, bangko at ibang establisimento sa syudad na hindi rehistradong residente ay hindi rin mabibigyan.

**Pasistang pahirap**

Pahirap din sa kabuhayan ng mga magsasaka at manggagawang bukid ang pagpapatupad ng *curfew* at mga tsekpoynt sa kanayunan na naglilimita sa kanilang mga galaw sa paghahatid ng mga produkto, pagsasaka at pangingisda.

Sa ilang bayan sa Ilocos, pinagbabayad ng P50-P80 ang mga residente para sa isang araw na makagala. Dahil sa *curfew*, limitado ang oras sa pagtatrabaho ng mga magbubukid sa Cagayan Valley at Lower Kalinga.

Hindi pinararaan sa mga tsekpoynt ang aning gulay ng mga magsasaka ng Upper Kalinga, Benguet, Ifugao at Mountain Province. Sa Tinoc, Ifugao, napilitan ang mga magsasaka na dali-daling anihin ang kanilang mga gulay matapos ipatupad ang *lockdown* ng lokal na gubyerno. Halos 100,000 toneladang gulay ang kinailangan nilang ibenta sa sobrang babang halaga bago mabulok ang mga ito. AB



# Pag-iingat, mainam na paghahanda laban sa Covid-19 sa kanayunan

Madaling kumakalat ang Covid-19 sa mga syudad kung saan siksikan at mahigpit ang ugnayan ng mga tao. Subalit hindi malayong kumalat din ito kalaunan sa mga komunidad sa kanayunan. Ito ay dahil sa paglabas-masok ng mga magsasaka para magbenta ng kanilang produkto o bumili ng kanilang pangangailangan. Pumapasok rin ang mga namumuhunan at mga nagtatrabaho sa mga minahan, plantasyon at iba pang empresa.

Sa isang banda, tinataya ng mga eksperto na hindi magiging kasimbilis ang pagkalat ng Covid-19 sa kanayunan kumpara sa mga syudad dahil mababa ang antas ng konsentrasyon o pagsisiksikan ng mga tao sa kanilang mga lugar. Sa kabilang banda, magiging mas mahirap at posibleng mas nakakamatay ito dahil malayong mas atrasado at limitado ang mga pasilidad pangkalusugan dito. Payo nila, ang pinakamainam na paghahanda para sa pandemya ay ang pagsunod sa inilatag nang mga hakbang ng mga institusyong medikal. Kabilang dito ang pananatili ng personal na kalinisan, pagmantine ng tamang agwat sa isa't isa, pag-iwas sa matataong lugar at sa mga taong nahawa na, pagkonsulta sa duktor o manggagawang pangkalusugan kung nakararanas ng mga sintomas, at palagiang pagsubaybay sa mga pangyayari sa lokal at bansa.

Pero liban dito, kailangan ding ihanda ang imprastrukturang pangkalusugan sa mga baryo. Kabilang dito ang pagtitiyak ng sapat na suplay ng gamit at gamot, pagsasaayos ng angkop na pasilidad, pagsasanay ng mga mangagawang pangkalusugan at paglalatag ng maayos na sistema ng komunikasyon.

Sa ngayon, limitado, kung meron man, ang suplay at mga gamit para sa anumang epidemya o sakuna sa kanayunan. Lahat ng kinakailangang kagamitang medikal tulad ng mga *face mask* at iba pang *personal protective equipment, disinfectant* at iba pa ay manggagaling sa mga syudad na una nang dumanas ng kasalatan. Lalong walang suplay sa mga baryo ng mga gamot na maaaring gamitin sa mga pasyenteng nagpositibo.

Limitado rin ang kasanayan ng mga manggagawang pangkalusugan. Ayon sa estadistika ng estado, sa abereyds ay isang duktor lamang ang nakatoka sa isang *health center*, katuwang ang abereyds na dalawang nars at limang kumadrona para sa lahat ng barangay sa isang bayan. Madalas na mga nars o kumadrona ang tumatao sa mga *health center* sa barangay para magbigay ng pinakabatayang serbisyo sa mga buntis, maliliit na bata at matatanda. Walang programa para sanayin sila para makatuwang sa malawakang *testing* o *screening, monitoring* at *contact tracing,* at serbisyo sa mga *isolation unit.*

Wala sa kalahati ng lahat ng barangay sa bansa ang may *health center.* Noong 2017, nasa 20,216 lamang ang mga *health center* sa buong Pilpinas. Sa mga mayroon, kulang na kulang ang mga pasilidad. Wala itong mga kama para sa mga nagkakasakit. Wala ring naitatayong mga *isolation unit* para sa kakailanganing pagbubukod sa mga pasyenteng may nakahahawang sakit. Malayo, at madalas walang angkop na sistema ng transportasyon, patungo sa mga ospital, klinika at laboratoryo.

Problema rin ang sistema ng komunikasyon at ang kagyat na pagpapaabot at pagpapalaganap ng angkop na impormasyon. Kumakalat ang maling impormasyon na madalas nababahiran ng pulitika, hakahaka o di-syentipikong mga lunas. AB

### Malawakang pag-empleyo ng mga nars, iginiit

IGINIIT NG FILIPINO Nurses United na dapat kagyat at malawakang pag-eempleyo at pagsasanay ng mga nars at hindi lamang pagkuha sa kanila bilang mga boluntir ang ipatupad ng rehimeng Duterte para agapan ang krisis na dulot ng pandemyang Covid-19. Mayroon lamang 90,308 nars sa buong bansa, karamihan nakakonsentra sa Metro Manila. Nasa 31,000 lamang sa mga ito ang nasa mga pampublikong ospital. Lubhang kulang ang bilang na ito kahit bago pa kumalat ang sakit na Covid-19.

Dapat bigyan ng makatarungang sahod, mga benepisyo at katiyakan sa trabaho ang mga nars. Dapat gawin nang regular ang libu-libong mga nars na nananatiling kontraktwal sa mga pribado at pampublikong ospital.

Ayon sa ulat ng World Health Organizatiion, mayroong 536,331 na rehistradong nars sa Pilipinas nitong 2020. Nasa 200,000 sa kanila ang walang trabaho. Malalim itong balon na mapagkukunan ng mga propesyunal na manggagawang pangkalusugan. Kaugnay nito, iginiit ng grupo na hindi kailangan, at hindi nararapat, na pagbawalan ng rehimen ang mga nars at duktor na mangibang-bayan sa panahon ng pandemya. Labag ito sa kanilang karapatang bumyahe at magtrabaho. Dapat silang suportahan sa panahon ng pandemya dahil hindi lamang sila nawalan ng kita, wala ring katiyakan kung makababalik pa sila sa kanikanilang mga ospital.

Dagdag dito, dapat bigyan pansin ang pagtaas ng sahod, katiyakan sa trabaho at mga benepisyo ng maraming boluntir sa mga barangay *health center*, ang mga *frontliner* sa kanayunan. Sa ngayon, pinakamataas nang natatanggap ng isang boluntir dito ang P4,000/buwan. Ang iba pang mga boluntir, laluna sa malalayong baryo, ay tumatanggap lamang ng P50 hanggang P150 kada buwan. AB

# Pang-aaresto, pambobomba sa panahon ng krisis ng Covid-19

Kahit sa panahon ng krisis pangkalusugan dulot ng pagkalat ng Covid-19, walang tigil ang mga pwersa ng estado sa mga paglabag sa karapatang-tao. Nitong Abril 6-19, hindi bababa sa 19 magsasaka ang inaresto sa iba't ibang bahagi ng bansa. May isang magsasaka ang pinatay, samantalang isang komunidad sa Mindanao ang binomba sa mga araw na ito.

Nagulantang ang mga residente ng Sityo Kapanal, Barangay Gasi sa Kiamba, Saranggani noong alas-5 ng umaga, Abril 19, nang biglang maghulog ng hindi bababa sa apat na bomba ang isang eroplanong pandigma ng AFP malapit sa kanilang komunidad. Nagdulot ito ng dagdag na takot sa mga residente lalupa't okupado ng 27th IB ang kanilang sityo. Matagal nang hinahalihaw ng mga tropa ng AFP ang Gasi at kalapit na mga barangay. Sa kasalukuyan may 300 tropa ng AFP sa lugar. Saklaw ng plantasyon ng Lapanday Corporation ang Kiamba at mga karatig nitong bayan.

Sa Miag-ao, Iloilo, pinatay ng 61st IB noong Abril 18 si John Farocillin, tagapangulo ng Alyansa sang Mangunguma sa Miag-ao at myembro ng konseho ng Pamanggas. Susing lider si Farocillin sa mga pakikibaka ng mga magsasaka sa isla.

Bago nito, 12 sibilyan, kabilang ang limang menor de edad, ang inaresto ng mga elemento ng 61st IB noong Abril 14. Sila ay mga residente ng Barangay Igpanulong, Sibalom, Antique, na noo'y naghahanap ng pulot para maibenta. Pinabulaanan ng kumand ng BHB sa Southern Panay (Mt. Napulak Command) ang kasinungalingan sa isang engkwentro nadakip ang naturang mga sibilyan. Anito, walang naganap na sagupaan sa lugar.

Sa Butuan City, inaresto ng mga sundalo at pulis si Proceso Torralba sa Purok 3, Barangay Bonbon noong Abril 11. Si Torralba o Tatay Sisoy ay presidente ng Unyon sa Mag-uuma sa Agusan del Norte at tatlong dekada nang nakikibaka para sa kapakanan ng mga magsasaka. Kabilang si Toralba sa listahan ng mga indibidwal na inimbwelto ng AFP sa reyd ng mga Pulang mandirigma sa isang detatsment sa Agusan del Sur noong 2018. Sinampahan siya ng gawa-gawang *kasong kidnapping* at *serious illegal detention*.

Dalawang magsasaka rin ang dinakip ng mga pwersa ng estado sa Southern Tagalog at pinalabas na mga sumukong upisyal ng BHB. Inaresto sina Lamberto Asinas sa Barangay Bundukan, Nasugbu, Batangas noong Abril 16; at si Nomeriano Fuerte sa Barok Perlas sa Sityo Tagbakin, Magsaysay, General Luna, Quezon Province noong Abril 13.

Sa Nueva Vizcaya, inaresto ng mga pulis si Ronaldo Pulido, tagapangulo ng Alyansa ng Novo Vizcayano para sa Kalikasan noong Abril 6. Isinabay ang pang-aaresto sa pagbuwag sa barikada ng mga residente laban sa operasyong ng Oceanagold. Agad din siyang napalaya sa sumunod na araw dala ng pagiggiit ng kanyang mga kababaryo. AB

## Produksyon ng langis, kinaltasan

MATAPOS BRASUHIN AT pagbantaan ni US Pres. Donald Trump, pumayag noong Abril 12 ang Organization of Petroleum Exporting Countries (OPEC), Russia at iba pang mga bansa na nagpoprodyus ng langis na paliitin ang kanilang produksyon nang 10% o 9.7 milyong bariles/araw mula Mayo hanggang Hunyo. Ang nasabing kaltas ang pinakamataas na naitala sa kasaysayan.

Layunin ng pagkaltas na pigilan ang pagbulusok ng presyo ng langis sa pandaigdigang pamilihan dulot ng pandemyang Covid-19. Lalong bumagsak ang demand para sa langis kasabay ng pagtigil ng operasyon ng mga pagawaan at empresa sa iba't ibang bahagi ng mundo. Bunsod nito, bumagsak ang abereyds na presyo ng krudong langis noong Marso tungong $20.09 kada bariles, pinakamababa mula 2002. Nagreresulta ito sa pagbagsak ng kita ng dambuhalang mga kumpanya sa langis. Lugi ang mga kumpanya sa langis lalu na sa US kung mas mababa pa sa $30/bariles ang presyo ng krudong langis sa pandaigdigang pamilihan. AB

## Dating kongresista at mga boluntir, inaresto sa Bulacan

INARESTO NG MGA pulis sina Ariel Casilao, dating kinatawan ng Anakpawis Partylist, at 12 iba pang boluntir at residente sa Norzagaray, Bulacan noong Abril 19. Nakatakdang mamahagi sina Casilao at kasama niyang limang boluntir ng ayuda para sa mga magsasaka nang harangin sila sa isang tsekpoynt dakong alas-10:15 ng umaga.

Dinala sila sa istasyon ng pulis sa Norzagaray kasama ng pitong residente na tatanggap sana ng ayuda. Matapos ibimbin nang dalawang oras, inihatid at idinetine sila sa Bulacan Police Provincial Office sa Malolos. Inakusahan silang nagbabalak magsagawa ng rali at sinampahan ng kasong sedisyon.

Ipinapakita ng pag-aresto ang baluktot na prayoridad ng rehimen sa panahon ng pandemya, at kawalan nito ng pakialam sa pagdarahop ng mamamayan. Ito ay kagagawan ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict na pinamumunuan ng mga heneral ni Duterte. AB

## Madugong sigalot dulot ng ekspansyon ng plantasyon

Pang-aagaw ng isang dambuhalang agribisnes sa lupain ng mga magsasakang Tiruray at Moro ang sanhi ng madugong sigalot sa barangay Kalamongog sa bayan ng Lebak, Sultan Kudarat.

Umabot sa isang libong residente ng barangay ang lumikas dahil sa pagsiklab ng labanan noong Marso. Sa halip na ayuda, mga pwersa ng 6th IB at PNP ang ipinadala sa lugar para tiyakin umano ang seguridad dito. Nangyari ito sa gitna ng krisis na kinakaharap sa panahon ng *lockdown*.

Tumindi ang sigalot sa lugar dahil sa panghihimasok ng Lapanday Foods Corporation, isang higanteng kumpanyang pag-aari ng pamilyang Lorenzo. Malaking burgesya kumprador ang pamilyang Lorenzo at kilala sa kanilang pakikipagmabutihan sa sinumang nasa poder. Mahigit isang taon na buhat nang umpisahan ng kumpanya ang operasyon ng plantasyon ng saging nito sa nasabing lugar. Nilinlang ng kumpanya ang ilang mga residente na ibenta o kaya'y paupahan ang kanilang mga lupa kapalit ng halagang matatanggap at pangakong trabaho. Pero hindi lahat ay nakumbinse at may ilang malalaking pamilya ang tumutol sa pagpasok ng plantasyon.

Nagtalaga ang plantasyon ng mga armadong gwardya na suportado ng AFP. Binigyan din ng trabaho ang ilang pumapabor sa kanilang operasyon. Inudyukan ang mga ito ng kumpanya para bawiin ang mga lupaing matagal nang sinasaka ng ilang tumututol bilang bahagi umano ng kanilang inaangking lupang ninuno.

Nagtagumpay ang kumpanya na pag-away-awayin ang mga residente. Mas tumindi pa ang gulo matapos paslangin noong nakaraang taon ang noo'y kapitan ng barangay na si Diosdado M. Eleazar na kilalang tumututol sa pagpapalawak ng plantasyon. Inilahad ng mga residente na mga armadong maton ng kumpanya ang may kagagawan ng krimen subalit walang ginawa ang lokal na pamahalaan at PNP para hulihin at panagutin ang mga salarin.

Humalili sa pwesto ang unang kagawad na si Hairudin Tato Gubel na isa ring kritiko ng plantasyon. Siya rin ay pinaslang ng mga maton ng kumpanya noong Marso 17. Humalili bilang pansamantalang pinuno ng barangay si Nolasco Zamora Ado, isang tauhan ng kumpanya.

Pinalalabas na labanan umano ng mga angkang Tiruray at Moro ang nagaganap sa Kalamongog. Sa isang interbyu sa radyo, mariing ibinintang ni Nolasco Ado, OIC ng barangay, sa mga kamag-anak ni Hairudin Tato Gubel ang insidenteng pamamaril noong Marso 25 sa Sityo Kiatong. Iginiit din niyang pulitikal ang motibo ng nangyayaring kaguluhan.

Nababahala ang mga magsasaka rito na kung titindi pa ang sigalot ay mapipilitan silang lumikas at tiyak na tuluyan nang makukuha ng kumpanya ang kanilang lupa. AB

---

## Petisyon para palayain ang mga bulnerableng bilanggong pulitikal, isinampa

Para itulak ang mabilisan at maramihang pagpapalaya ng mga bulnerableng bilanggong pulitikal sa panahon ng pandemyang Covid-19, nagsampa ng pormal na petisyon sa Korte Suprema ang kanilang mga kaanak noong Abril 8. Sa simula pa lamang ng pagkalat ng sakit, malakas na ang panawagang palayain ang mga bilanggo, kahit pansamantala, na may edad, may sakit, buntis at nagpapasuso. Sila ang pinakabulnerable sa nakamamatay na bayrus. Kabilang sa kanila ang 23 bilanggong pulitikal na nakadetine batay sa gawa-gawang mga kaso.

Imposibleng masunod ang "social distancing" sa mga kulungan dahil sa kalagayang matindi ang siksikan at limitado ang nakalaang gamit-sanitasyon. Sa kulungan ng mga bilanggong pulitikal sa Bicutan, nagsisiksikan ang 4-5 tao sa seldang may laking 2x4 metro. Hindi iilan sa kanila ang bulnerable sa sakit dahil may edad na at umiinda na rin ng iba't ibang uri ng karamdaman. Kabilang dito ang mga kronikong karamdamang natukoy na madaling kapitan ng *corona*bayrus, tulad ng *diabetes, hypertension* at hika.

Lalo naging kahabag-habag ang kanilang kalagayan nang ipataw ni Rodrigo Duterte ang militaristang *lockdown*. Sa isang panahon, pinayagan pa ang mga pamilya ng mga detenido na magpadala ng pagkain at gamot na ipinapadala nila sa pamamagitan ng sasakyan ng Bureau of Jail Management and Penology (BJMP). Kung maghihigpit pa ang estado, mahihinto ang serbisyong ito. Sa loob ng kulungan, dalawang beses lamang nakakakain ang mga bilanggo.

Hindi lahat ng mga bilanggo ay nabibigyan ng "mask." Napakalaki ng posibilidad na magkahawahan ang mga bilanggo sakaling mayroon nang magkasakit ng COVID. Katunayan, siyam na bilanggo na ang nagpositibo sa sakit sa Quezon City Jail. Siyam pa ang pinagsususpetsahang nahawa rin at kinailangang ibukod. AB